# Antas ng Tingga sa Dugo

*Anung Ibig Sabihin Nito?*

Ang pagsusuri ng dugo para sa tingga ay nagbibigay ng ideya ukol sa kung gaano karaming tingga nahantad ang inyong anak kamakailan lamang sa kapaligiran. Walang halaga ng tingga sa katawan ang ligtas. Ang mga batang may tingga sa kanilang dugo ay maaaring magmukha o kumilos nang tila walang sakit, ngunit maaaring lumitaw ang mga problema sa pagkatuto at pag-uugali matapos ang ilang taon kapag sila ay pumasok sa paaralan.

| Resulta ng pagsusuri ng dugo para sa tingga | Anong ibig sabihin nito? | Kailan dapat muling magpasuri? | Anong maaaring ninyong gawin? |
|---|---|---|---|
| **0** | **Walang makitang tingga sa katawan ng inyong anak.** | Hilingin sa inyong doktor na suriin ang inyong anak para sa tingga sa edad na 1 at 2, o minsan bago mag-6 na taong gulang. | › Iwasan ang mga pinagmumulan ng tingga<br>› Bigyan ang inyong anak ng pagkaing mayaman sa kaltsyum (*calcium*), *iron*, at bitamina C<br>› Hugasan ang kamay at mukha bago kumain at pagkatapos maglaro<br>› Panatilihing maayos ang pintura at linisin ang alikabok sa bahay<br>› Gumamit ng basang espongha o panlampaso upang linisin ang mga sahig at bintana |
| **1 hanggang <5** | Ang inyong anak ay nahantad sa tingga sa kaniyang kapaligiran. | Ipasuring muli ang inyong anak kung may pagbabago sa kapaligiran o panganib ng tingga. Halimbawa: Kung kayo ay lumipat sa mas lumang bahay na mayroong natatapyas o natutuklap na pintura, kung may kasama sa bahay na nagtatrabaho sa konstruksyon, paghahardin, at iba pang gawaing kung saan may tingga, o kung naglakbay sa labas ng Estados Unidos. | Lahat ng nasa itaas, at...<br>› Basahin ang kabilang pahina para sa impormasyon ukol sa panganib ng tingga sa paligid ng inyong bahay (Ang Tingga ay Isang Lason)<br>› Sundin ang mga pinakamabuting gawi kung mayroong kasama sa bahay na nagtatrabaho sa konstruksyon, paghahardin, at iba pang trabaho kung saan may tingga<br>› Tawagan ang aming programa para sa impormasyon at upang tumanggap ng dalaw ang inyong bahay upang hanapin ang mga pinagmumulan ng panganib ng tingga |
| **5-14** | Ang inyong anak ay nahantad sa tingga sa kaniyang kapaligiran. | **1-3 buwang sinusundan ng 3 buwan para sa antas 5-9 at tuwing 3 buwan para sa mga antas 10-14**<br>Tawagan ang inyong doktor upang ipasuri muli ang dugo ng inyong anak para sa tingga. | Lahat ng nasa itaas, at...<br>› Ang antas ng tingga sa dugo na 10 at higit pa ay makatatanggap ng karagdagang serbisyo mula sa isang nars ng Pampublikong Kalusugan sa loob ng apat na linggo mula sa petsa ng resulta ng pagsusuri |
| **15-19** | Ang inyong anak ay nahantad sa katamtamang halaga ng tingga sa kaniyang kapaligiran. | **1-4 na linggong sinusundan ng 1-3 buwan**<br>Tawagan ang inyong doktor upang ipasuri muli ang dugo ng inyong anak para sa tingga. | Lahat ng nasa itaas, at...<br>› Tumanggap ng isang pagdalaw ng nars at inspektor sa tahanan sa loob ng dalawang linggo mula sa petsa ng resulta ng pagsusuri |
| **20-44** | Ang inyong anak ay nahantad sa malaking halaga ng tingga sa kaniyang kapaligiran. | **1-4 na linggong sinusundan ng tuwing 2-4 na linggo batay sa antas**<br>Tawagan ang inyong doktor upang ipasuri muli ang dugo ng inyong anak para sa tingga. | Lahat ng nasa itaas, at…<br>› Tumanggap ng isang pagdalaw ng nars at inspektor sa tahanan sa loob ng isang linggo mula sa petsa ng resulta ng pagsusuri |
| **45-69** | Ang inyong anak ay nahantad sa napakalaking halaga ng tingga sa kaniyang kapaligiran. | Tawagan ang inyong doktor upang ipasuri muli ang dugo ng inyong anak para sa tingga.<br>**Sa lalong madaling panahon, sa loob ng 48 oras para sa antas 45-59, o sa loob ng 24 oras para sa antas 60-69** | Lahat ng nasa itaas, at...<br>› Tawagan ang inyong doktor sa lalong madaling panahon upang tiyakin ang halaga ng tingga sa dugo ng inyong anak, at magtakda ng susunod na pagsusuri sa inyong anak sapagkat maaaring mangailangan ng dalubhasang paggamot sa ospital ang inyong anak<br>› Tumanggap ng isang pagdalaw ng nars at inspektor sa inyong tahanan sa loob ng 48 oras mula sa petsa ng resulta ng pagsusuri |
| **Higit sa 70** | **Medikal na Emerhensya:** Ang inyong anak ay nahantad sa delikadong mataas na halaga ng tingga sa kaniyang kapaligiran. | **Magtamo KAAGAD ng medikal na pansin** | Lahat ng nasa itaas, at...<br>› Ang inyong anak ay nangangailangan ng dalubhasang paggamot sa ospital **NGAYON DIN!**<br>› Tumanggap ng isang pagdalaw ng nars at inspektor sa inyong tahanan sa loob ng 24 oras mula sa petsa ng resulta ng pagsusuri |